



Victoria Day 2020 sa Brampton sa panahon ng COVID-19 pandemic

BRAMPTON, ON (Mayo 12, 2020) – Sa taon na ito, magaganap ang Victoria Day sa Lunes, Mayo 18.

May patnubay ng Peel Public Health at para sa kaligtasan ng ating mga residente at mga empleyado, ang City Hall at iba pang mga pasilidad ng Lungsod ng Brampton, kabilang ang mga Sentrong Panlibangan at Sentro ng Komunidad at mga sangay ng Brampton Library, ay mananatiling sarado hanggang sa karagdagang abiso para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19.

Ang lahat ng kritikal na mga serbisyo, kabilang ang Fire and Emergency Services, Traffic Services, By-Law Enforcement, Road Operations, POA Courts at Security Services ay patuloy na tatakbo tulad ng dati para suportahan ang komunidad.

Maaaring tumawag ang mga residente sa 311 o 905.874.2000 (labas ng Brampton), gamitin ang Brampton 311 app (available sa App Store o Google Play) o bisitahin ang www.311brampton.ca o mag-email sa 311@brampton.ca para sa anumang mga tanong. Available tayo 24/7 para sa anumang mga usapin sa Lungsod ng Brampton o sa Rehiyon ng Peel, kabilang ang mga tanong kaugnay ng COVID-19 tulad ng pagpapaliban sa pagbabayad ng buwis, paglayo mula sa iba at mga pagsasara ng mga parke at pasilidad. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa karagdagang impormasyon.

Ipagdiwang ang Victoria Day – online!

Para makatulong sa mga Bramptonian sa pagdiriwang ng Victoria Day mula sa kanilang mga bahay, lumikha ang Lungsod ng online hub na hitik sa mga aktibidad na nakakabuti sa pamilya, mga opsyon ng pag-takeout mula sa mga lokal na restawran, at isang birtwal na fireworks display, na itinataguyod ng SnapdHUB.

Hinihikayat ang mga residente na mag-order sa mga lokal na restawran sa Victoria Day bilang bahagi ng kampanyang Hey Brampton! Let's Eat! na pinangunahan ng Experience Brampton. Gawing memorable ang karanasan sa pagkain sa pamamagitan ng pag-set up ng isang piknik sa inyong likod-bahay, sa harap ninyong bakuran, sa inyong driveway, o saan pa man sa bahay. Ibahagi ang isang larawan sa social media at gamitin ang #BramptonTogether para maging bahagi ng ating pagdiriwang na pisikal na malayo sa iba.

Sumali sa mga kapitbahay sa buong Ontario para sa isang kapana-panabik na pinaghandaang karanasan sa fireworks sa pinalaking realidad! Ang birtwal na fireworks display ay naghahandog sa mga residente ng ligtas na alternatibo sa karaniwang mga fireworks display sa Victoria Day. Magsisimula ang birtwal na palabas online sa 8 PM, na may countdown sa fireworks sa 7:50 PM. Bisitahin ang www.brampton.ca/victoriaday para sa kalahok na mga restawran at isang link sa fireworks display.

Kaligtasan sa Fireworks

Ang Victoria Day ay isa sa apat na holiday kada taon kapag ang firework na maikli ang range ay pinapayagan sa isang pribadong propyedad, nang hindi na kailangang ang permit, sa Brampton. Sa ilalim ng ordinansa, pinapayagan din ang fireworks sa Canada Day, Diwali at Bisperas ng Bagong Taon.



Ang fireworks na maikli ang range ay ang fireworks na bibiyahe mas mababa sa tatlong metro (10 piye) kapag i-set off (hal., mga fountain, mga gulong, mga ground spinner, mga sparkler). Ang lahat ng iba pang fireworks na parang rocket ay ipinagbabawal sa Brampton. Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na ang fireworks ay hindi pwede sa kalye, bangketa, sa loob ng mga parke ng Lungsod o sa propyedad ng munisipyo o paaralan.

Kapag gagamit ng mga short-range firework sa pribadong ari-arian, kailangang sundin ng mga residente itong mga pangkaligtasang pag-iingat:

- Punuin ng tubaga ng isang sisidlan ng tubig at isang host line na puno ng tubig para patayin ang fireworks.
- Huwag na huwag sindihan ang firework o hawakan ang sinindihang firework sa inyong kamay, maliban sa sparkler.
- Huwag na huwag itapon o itutok ang fireworks sa ibang mga tao.
- Matapos gamitin ang sparklers, ilagay ang mga ito sa isang lalagyan ng tubig na lubos na pinalamig bago itapon.

Bawat taon, ang mga fireworks vendor ay kinakailangang sasailalim sa pagsasanay ng Lungsod bago sila malisensyahan na magbenta ng fireworks. Sa taon na ito, walang idadaos na mga pagsasanay at walang iiisyung mga lisensya. Kung makakakita ang mga residente ng fireworks na ibinibenta sa mga tindahan o saan pa man sa Brampton, hinihiling sila na magsumbong sa Service Brampton sa pamamagitan ng Brampton 311 mobile app, [online](#), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311. Hinihiling din ang mga residente na makipag-ugnayan sa Service Brampton kung nag-aalala tungkol sa paggamit ng ipinagbabawal na fireworks, o pagtitipon ng publiko na higit sa limang tao dahil sa COVID-19.

Mga Pangkaligtasang pamamaraan sa COVID-19

May mahalagang mga tuntunin at regulasyon na kailangang tandaan ng ating komunidad para manatiling ligtas bilang tugon sa COVID-19.

- Hinihikayat ng Peel Public Health ang mga residente ng Peel na panatilihin ang kanilang distansya (isagawa ang paglayo mula sa iba) habang nasa labas, tinitiyak na iwasan ang may maraming tao. Kailangang manatili ang mga residente na malapit sa bahay kapag nag-eehersisyo at patuloy na limitahan ang mga ekskursyon sa mga mahahalagang dahilan lamang. Ang mga residenteng may medikal na kondisyon, nakompromisong immune system o ang mga higit sa 70 taong gulang ay dapat manatili sa bahay at lalabas lamang para sa solong pag-eehersisyo o mahahalagang pangangailangan.
- Ang lahat ng 500+ parke sa Brampton, mga playground at iba pang mga istruktura sa mga parke, mga parke ng mga asong walang tali, mga picnic shelter, mga pasilidad ng outdoor sport at kasangkapan ng outdoor fitness (kabilang ang mga sport field, mga basketball at tennis court), panlibangang mga sentro at nakapalibot na mga lupain, at mga paradahan sa mga pasilidad ng



Lungsod ay sarado sa publiko hanggang sa karagdagang abiso. Hinihiling ang mga residente na tumawag sa 905.874.2111 para isumbong ang hindi pagsunod.

- Kahit na nananatiling bukas ang mga trail sa panahong ito, kailangang manatili ang mga tao na 2 metro ang layo mula sa iba (na hindi nakatira sa inyong bahay) sa lahat ng oras. Para sa mapa ng mga trail, i-click [dito](#).
- Iwasan ang pagtitipon ng lima o higit pang mga tao – ipinagbabawal na ito ngayon sa ilalim ng Batas sa Pangangasiwa sa Emergency at Proteksyon sa Mamamayan na ipinapatupad ng Probinsya.
- Pakitapon ang nagamit nang mga facemask, mga pamproteksyong guwantes at iba pang basura ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay sa pamamagitan ng paglalagay sa mga ito sa isang bag at pagtapon sa mga ito sa basurahan

Ipinapatupad na ngayon ang mga multa sa ilalim ng Ordinansa ng Brampton sa mga Emergency na Pamamaraan sa COVID-19. Maaaring mamultahan ang mga tao ng pinakamababa \$500 at pinakamalaki hanggang \$100,000 para sa bawat paglabag dahil sa hindi pagsunod sa mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba. Hinihiling ang mga residente na tumawag sa 311 para isumbong ang hindi pagsunod.

- Kinikilala natin ang mga epekto ng COVID-19 sa ating komunidad at na ito ay lalong mahirap at nakaka-istres na panahon para sa ilan. Inilunsad natin ang pinasadyang mga task force para suportahan ang komunidad. Kabilang dito ang suporta sa ekonomiya, suporta sa mga senior o matatanda, suporta sa kabataan at suporta para sa mga pinakamahina. Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa mga Task Force na ito at kung paano makipag-ugnayan sa kanila sa www.brampton.ca/covid19

Brampton Transit

Tatakbo ang Brampton Transit sa iskedyul sa Linggo na may ilang kinanselang mga ruta sa Victoria Day. Ang sumusunod na mga ruta ay tatakbo:

1 Queen	11 Steeles	50 Gore Road
2 Main	14 Torbram	52 McMurchy
3 McLaughlin	15 Bramalea	115 Pearson Airport
4 Chinguacousy	18 Dixie	501 Züm Queen
5 Bovaird	23 Sandalwood	502 Züm Main
7 Kennedy	30 Airport Road	511 Züm Steeles

Ang mga counter ng customer service sa mga terminal ay sarado. Ang mga oras ng gusali ng terminal sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ay 6 AM hanggang 9 PM. Bukas ang Contact Centre at pwedeng makatulong mula 9 AM hanggang 6 PM sa 905.874.2999.

Ang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang mga bus, kabilang ang lahat ng matitigas na ibabaw, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga



pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw. Hinihikayat ang mga sumasakay na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyahe, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay.

Para sa impormasyon sa ruta at iskedyul, tumawag sa 905.874.2999 o bisitahin ang www.bramptontransit.com. Para sa impormasyon sa susunod na bus sa aktwal na oras, pumunta sa nextride.brampton.ca sa iyong smartphone o ibang mobile device. Para sa ibang mga tool sa pagpapalano ng biyahe, bisitahin ang www.triplinx.ca o Google Maps.

Paglilibang sa Brampton

Ang lahat ng programa sa paglilibang at mga pangungupahan ng pasilidad ay kanselado hanggang sa karagdagang abiso. Awtomatikong ilalagay sa mga account ang mga credit. Mangyaring makipag-ugnayan sa reconnects@brampton.ca para sa karagdagang impormasyon.

Manatiling fit na may kumpletong body circuit, pag-aralan kung paano gumawa ng origami hearts, magpraktis sa inyong mga kakayahan sa calligraphy at mas marami pa sa Rec At Home, isang sari-saring programa na gawa sa pagmamahal ng staff sa Brampton Recreation! Mag-access sa Rec At Home platform sa www.brampton.ca/recreation.

Brampton Library

Ang lahat ng sangay ng Brampton Library ay sarado hanggang sa karagdagang abiso. Para sa mga aliw sa weekend, subukan ang pag-stream ng mga pelikula at musika, o magbasa ng eBook! Para sa karagdagang impormasyon sa ating mga digital na produkto, mga programa at mga serbisyo, bisitahin ang www.bramptonlibrary.ca o mag-email sa info@bramlib.on.ca.

Mga Serbisyo sa Hayop sa Brampton

Sarado ang Brampton Animal Shelter sa Linggo at sa Lunes ng weekend ng Victoria Day.

Ang Animal Control ay nasa daan sa Lunes hanggang Biyernes mula 7 AM to hanggang 10 PM at Sabado at Linggo at mga holiday mula 8 AM hanggang 6:30 PM, at tutugon lamang para sa sumusunod na mga tawag:

- Pag-pick up ng may-sakit/nasaktan/agresibong pambahay na mga hayop at hayop-gubat
- Agresibong hayop
- Asong tumakbo na hindi pa natagpuan
- Imbestigasyon sa kagat ng aso
- Pag-pick up ng naka-confine na asong-gala
- Pag-pick up ng patay na hayop

Sa labas ng mga oras na ito, ang Animal Control ay tutugon lamang sa mga emergency.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca